# *Ang Mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 8*
# *Ang Epekto ng Pamilya sa Simbahan*
# *Ang Kinabukasan ng Simbahan ng Dios ay nasa ating mga Kamay*

Ang pamilya ay may malaking epekto sa simbahan. Ang paraan ng ating pamumuno sa ating mga pamilya ay sa huli'y nagdadala ng bunga para sa simbahan kung saan tayo inilagay ng Dios. Ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si JesuCristo ay sinabi, ***"33 O pabutihin ninyo ang punong kahoy, at mabuti ang bunga niyaon; o pasamain ninyo ang punong kahoy, at masama ang bunga niyaon: sapagka't ang punong kahoy ay nakikilala sa pamamagitan ng kaniyang bunga." (Mateo 12:33 KJV)*** Ang bawat pamilya ay dapat maging isang puno ng katuwiran na magdadala ng mabuting bunga sa Panginoon. ***"Upang sila'y matawag na mga punong kahoy ng katuwiran, na pananim ng Panginoon upang siya'y luwalhatiin." (Isaiah 61:3 KJV)*** Ito'y nasa ating mga kamay at pamamahala upang gawin sa atin pamilya na maging mga puno na magbibigay ng mabuting bunga. Kung didisiplinahin natin ang ating mga anak ngayon, ang ating simbahan ay magiging ligtas at ipagpapatuloy ang misyon nito sa susunod na saling lahi. Sa mensaheng ito, ilang totoong salaysay ang nangyari sa Bibliya ay matatalakay upang ilarawan ang epekto ng bawa't pamilya sa gawain ng Panginoon o sa Simbahan.

Si ay Eli ay ang pari naglilingkod sa Tolda ng Panginoon sa huling panahon ng mga Hukom**.** ***"12 Ang dalawang anak ni Eli ay parehong lapastangan at walang takot kay Yahweh. 13 Wala rin silang galang sa regulasyon ng pagkapari. Tuwing may maghahandog, pinapapunta nila ang kanilang mga katulong habang pinapakuluan pa lang ang karne. May dala silang malaking tinidor na may tatlong ngipin. 14 at itinutusok sa loob ng malaking kaldero o palayok. Lahat ng matusok o sumama sa tinidor ay itinuturing na nilang para sa pari. Ginagawa nila ito tuwing maghahandog sa Shilo ang mga Israelita. 15 Hindi lamang iyon. Bago pa maihandog ang taba ng karne, nilalapitan na ng mga katulong ang mga naghahandog at sinasabi, "Hilaw na karne ang ibibigay ninyo sa pari. Hindi niya kukunin kapag luto na ang ibibigay ninyo. Hilaw ang gusto niya upang maiihaw niya ito. 16 Kapag sinabi ng naghahandog na hintayin munang maialay ang taba bago sila kumuha hanggang gusto nila, ganito ang kanilang sinasabi: "Hindi maaari! Bigyan na ninyo kami. Kung hindi'y aagawin namin 'yan sa inyo. 17 Malaking pagkakasala ang ginagawa nilang ito sapagkat ito'y paglapastangan sa handog para kay Yahweh." (1 Samuel 2:12-17 KJV)*** Ang mga anak ng paring si Eli ay masama. Isinangkot nila ang kanilang mga sarili sa kasamaan sa paggamit sa paglilingkod sa Dios upang gumawa ng salapi at para sa makasariling pagkakamit. Sila'y nagsamantala din sa paggawa ng mga immoralidad at pagkakaroon ng sekswal na ugnayan sa mga babae na nasa paglilingkod sa Dios**.** ***" 22 Si Eli nga ay totoong matanda na; at kaniyang nababalitaan ang lahat ng ginagawa ng kaniyang mga anak sa buong Israel, at kung paanong sila'y sumisiping sa mga babae na naglilingkod sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan." (2 Samuel 2:22 KJV)***

Una, Si Eli, ang pari ay walang alam sa ginagawa ng kanyang mga anak ngunit ang lahat ng mga taong nakapaligid sa kanila ay alam na ang tungkol sa kanilang suliranin. Sa huli narinig ni Eli ang tungkol dito ngunit hindi siya gumawa ng anumang hakbang ng pagdidisiplina upang pigilan sila. ***"23 At sinabi niya sa kanila, Bakit ginagawa ninyo ang mga ganiyang bagay? sapagka't aking nababalitaan sa buong bayang ito ang inyong mga masamang kilos. 24 Huwag, mga anak ko; sapagka't hindi mabuting balita ang aking naririnig: inyong pinasasalangsang ang bayan ng Panginoon." (1 Samuel 2:23-24 KJV)*** Ang mga tao na nakakaalam ng tungkol sa kasamaan ng mga anak ng pari ay hindi nagpakita ng malasakit upang itama o pigilan sila sa pagdungis sa tolda ng kapulungan. Sila'y walang pakialam sa kasalanan sapagka't hindi nila ginagawa ang kautusan ng Panginoon: ***" 10 Kung ang lalake na mangalunya sa asawa ng iba, sa makatuwid baga'y yaong mangalunya sa asawa ng kaniyang kapuwa, ay papatayin na walang pagsala ang nangangalunya at ang napakalunya." (Levitico 20:10 KJV)*** Ang Paring si Eli ay may malasakit tungkol sa kasamaan na ginagawa ng kanyang mga anak ngunit hindi niya ipinakita ang pangako na disiplinahin sila ayon sa Salita ng Dios. ***"18 Kung ang isang lalake ay may matigas na loob at mapanghimagsik na anak, na ayaw makinig ng tinig ng kaniyang ama, o ng tinig ng kaniyang ina, at bagaman kanilang parusahan siya ay ayaw makinig sa kanila: 19 Ay hahawakan nga ng kaniyang ama at ng kaniyang ina at dadalhin sa mga matanda sa kaniyang bayan, at sa pintuang-bayan ng kaniyang pook; 20At kanilang sasabihin sa mga matanda sa kaniyang bayan. Itong aming anak ay matigas na loob at mapanghimagsik, na ayaw niyang dinggin ang aming tinig; siya'y may masamang pamumuhay, at manglalasing. 21 At babatuhin siya ng mga bato, ng lahat ng mga lalake sa kaniyang bayan upang siya'y mamatay: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo; at maririnig ng buong Israel, at matatakot." (Deutronomio 21:18-21 KJV)*** Tiyak na hindi dinisiplina ni Eli ang kanyang mga anak gaya ng nararapat na mayroon siya dahil mahal niya sila, ngunit sa gayong pagkilos ay nagpakita din na mahal niya ang kanyang mga anak nang higit kaysa sa Salita ng Dios, sa Banal na Santuario ng Dios, at sa bayan ng Dios. Gayundin ang mga tao ay kampante at mapagpaubaya sa kasalanan dahil ang pari, na namumuno sa kanila ay pinagbibigyan at pinapayagan ang mga kasalanan ng kanyang mga anak. Ang Paring si Eli ay isang hindi mabuting halimbawa bilang isang saserdote ng Dios at hindi siya gumawa ng mabuti sa pagpapalaki sa kanyang

mga anak ng may takot sa Panginoon. Itinanggi niya ang kapangyarihan ng kautusan ng Dios at kaya inalis ng Panginoon ang kanyang pamilya mula sa paglilingkod sa tolda ng pagpupulong.

***1. "27 At naparoon ang isang lalake ng Dios kay Eli, at sinabi sa kaniya, Ganito ang sabi ng PANGINOON, Napakita ba ako ng hayag sa sangbahayan ng iyong ama, nang sila'y nasa Egipto sa pagkaalipin sa sangbahayan ni Faraon? 28 At pinili ko ba siya sa lahat ng mga lipi ng Israel upang maging saserdote ko, upang maghandog sa aking dambana, upang magsunog ng kamangyan, at upang magsuot ng epod sa harap ko? at ibinigay ko ba sa sangbahayan ng iyong ama ang lahat ng mga handog ng mga anak ni Israel na pinaraan sa apoy? 29 Bakit nga kayo'y tumututol sa aking hain at sa aking handog, na aking iniutos sa aking tahanan, at iyong pinararangalan ang iyong mga anak ng higit kaysa akin, upang kayo'y magpakataba sa mga pinakamainam sa lahat ng mga handog ng Israel na aking bayan? 30 Kaya't sinasabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, Aking sinabi nga na ang iyong sangbahayan, at ang sangbahayan ng iyong ama, ay lalakad sa harap ko magpakailan man: nguni't sinasabi ngayon ng PANGINOON, Malayo sa akin! sapagka't yaong mga nagpaparangal sa akin ay aking pararangalin, at yaong mga humahamak sa akin ay mawawalan ng kabuluhan. 31 Narito, ang mga araw ay dumarating, na aking ihihiwalay ang iyong bisig, at ang bisig ng sangbahayan ng iyong ama, upang huwag magkaroon ng matanda sa iyong sangbahayan. 32 At iyong mamasdan ang kadalamhatian sa aking tahanan, sa buong kayamanan na ibibigay ng Dios sa Israel; at mawawalan ng matanda sa iyong sangbahayan magpakailan man. 33 At ang lalaking iyo, na hindi ko ihihiwalay sa aking dambana, ay magiging upang lunusin ang iyong mga mata at papanglawin ang iyong puso; at ang madlang mararagdag sa iyong sangbahayan ay mamamatay sa kanilang kabataan. 34 At ito ang magiging tanda sa iyo, na darating sa iyong dalawang anak, kay Ophni at kay Phinees: sa isang araw, sila'y kapuwa mamamatay. 35 At ako'y magbabangon para sa akin ng isang tapat na saserdote, na gagawa ng ayon sa nasa aking puso at nasa aking pagiisip: at ipagtatayo ko siya ng panatag na sangbahayan; at siya'y lalakad sa harap ng aking pinahiran ng langis, magpakailan man. 36 At mangyayari, na bawa't isa na naiwan sa iyong sangbahayan, ay paroroon at yuyukod sa kaniya dahil sa isang putol na pilak at sa isang putol na tinapay, at magsasabi, Isinasamo ko sa iyong ilagay mo ako sa isa sa mga katungkulang pagkasaserdote, upang makakain ako ng isang subong tinapay." (1 Samuel 2:27-36 KJV)***
Ang Panginoong Dios ay nagpadala ng isang lalaki upang sawayin ang Saserdoteng si Eli. Ang kanyang kasalanan ay malinaw na tumukoy bilang pagpaparangal niya sa kanyang mga anak ng higit pa sa Dios, at kumain sila ng pinaka bahagi ng mga handog ng mga tao. Si Eli ay ang pinuno ng makaserdoteng pari ngunit hindi niya pinahalagahan ang mga handog at alay para sa Dios dahil pinapayagan niya ang mga kasalanan ng kanyang mga anak. Bilang bunga ng kasalanan at kapanatagan ni Eli ang haba ng buhay sa angkan ng kanyang pamilya ay pinutol. Ang kanyang mga anak ay namatay sa kalakasan ng buhay, at sa mga naiwan sa angkan ng kanyang pamilya ay maghihingi sa ilang tanggapan ng saserdote upang magkaroon ng pagkain para makakain. Sinabi rin ng Dios sa kanya na ang kanyang dalawang anak, si Ophni at Phinees, isang araw ay mamatay. Datapuwa't sa kabila ng pagsaway ng Dios sa saserdote, hindi kinuha ni Eli ang pagkakataon para magsisi at ituwid ang kanyang paninindigan patungo sa kanyang mga anak. Kaya nagsalita ang Dios kay Samuel na mula sa pagkabata ay naglilingkod na sa Panginoon.

***2. "10 At ang PANGINOON ay naparoon, at tumayo, at tumawag na gaya ng una, Samuel, Samuel. Nang magkagayo'y sinabi ni Samuel, Magsalita ka; sapagka't dinirinig ng iyong lingkod. 11 At sinabi ng PANGINOON kay Samuel, Narito, gagawa ako ng isang bagay sa Israel, na ang dalawang tainga ng bawa't isa na nakikinig ay magpapanting. 12 Sa araw na yaon ay aking tutuparin kay Eli ang lahat na aking sinalita tungkol sa kaniyang sangbahayan, mula sa pasimula hanggang sa wakas. 13 Sapagka't aking isinaysay sa kaniya na aking huhukuman ang kaniyang sangbahayan magpakailan man, dahil sa kasamaan na kaniyang nalalaman, sapagka't ang kaniyang mga anak ay nagdala ng sumpa sa kanilang sarili, at hindi niya sinangsala sila. 14 At kaya't ako'y sumumpa sa sangbahayan ni Eli, na ang kasamaan ng sangbahayan ni Eli ay hindi mapapawi ng hain, o handog man magpakailan man. 15 At nahiga si Samuel hanggang sa kinaumagahan, at ibinukas ang mga pinto ng bahay ng PANGINOON. At natakot si Samuel na saysayin kay Eli ang panaginip. 16 Nang magkagayo'y tinawag ni Eli si Samuel, at nagsabi, Samuel, anak ko. At kaniyang sinabi, Narito ako. 17 At kaniyang sinabi, Ano ang bagay na sinalita sa iyo? isinasamo ko sa iyo na huwag mong ilihim sa akin: hatulan ka ng Dios, at lalo na, kung iyong ililihim sa akin ang anomang bagay sa lahat ng mga bagay na kaniyang sinalita sa iyo. 18 At isinaysay sa kaniya ni Samuel ang buong sinalita, at hindi naglihim ng anoman sa kaniya. At kaniyang sinabi, PANGINOON nga: gawin niya ang inaakala niyang mabuti." (1 Samuel 3:10-18 KJV)*** Ang paghatol ng Panginoon para sa pamilya ni Eli ay isinalaysay dahil sa kasalanan na nalalaman niya; nilapastangan ng kanyang mga anak ang Dios, at nabigo niyang disiplinahin sila. Gayon ma'y ang pagkakampante ni Eli ay nanatili at sinabi ni Eli, ***"Siya ang PANGINOON, gawin niya ang inaakala niyang mabuti."***

Ang Panginoong Dios ay magpakailanman, at Siya ay matuwid na Dios. Siya ay pararangalan, ngunit sa mga namumuhi sa Kanya, ay Kanyang kamumuhian. Ang Salita ng Dios ay hindi magbabago, at kilala ng Dios ang Kanyang bayan. Maraming mga magulang sa ngayon ay hindi nagpapakita ng malasakit tungkol sa kasamaan ng kanilang lumalaking mga anak. Tila sila'y kagaya ni Eli na sinabi lamang, ***"hindi mabuting balita"***, ngunit wala

silang ginawang pagkilos upang itama ang kanilang mga anak. Dinala ng Panginoon ang paghatol sa pamilya ni Eli, at ang katulad ay mangyayari sa pamilya ng mga magulang na hindi ginagawa ang kanilang tungkulin bilang makaharing seserdote para disiplinahin at palakihin ang kanilang mga anak ng may takot sa PANGINOON.

**A.** Ang mga magulang na hindi nag-iisip sa mga paraan ng kanilang mga anak at nagpapakita ng pagpapahintulot sa mga kasalanan na kanilang ginagawa, ang kanilang mga sarili ang nagdadala ng mga kaguluhan hindi lamang sa buhay ng kanilang mga anak bagkus sa buhay ng buong simbahan. ***"31 Narito, ang mga araw ay dumarating, na aking ihihiwalay ang iyong bisig, at ang bisig ng sangbahayan ng iyong ama, upang huwag magkaroon ng matanda sa iyong sangbahayan. 32 <u>At iyong mamasdan ang kadalamhatian sa aking tahanan</u>." (1 Samuel 2:31-32 KJV)***

**B.** Ang mga magulang na iniibig ang kanilang mga anak ng higit pa sa Dios ay itatakwil ng Dios, at ang kanilang pamilya ay hindi magkakaroon ng sapat na kalakasan na kinakailangan upang gawin ang gawain ng Dios. Ang mga magulang na sumusunod sa kanilang damdamin patungo sa kanilang mga anak ay hindi magagawang disiplinahin ang kanilang mga anak, at wala silang karunungan at kalakasan upang harapin ng maayos ang kasalanan ng kanilang mga anak. ***"29 Bakit nga kayo'y tumututol sa aking hain at sa aking handog, na aking iniutos sa aking tahanan, at iyong pinararangalan ang iyong mga anak ng higit kaysa akin, upang kayo'y magpakataba sa mga pinakamainam sa lahat ng mga handog ng Israel na aking bayan?" (1 Samuel 2:29 KJV)***

**C.** Kapag ang mga magulang ay nabigong disiplinahin ang kanilang mga anak at pigilan sila, ang kanilang mga anak at kanilang saling lahi ay magiging suwail sa buhay at paguugali, at sila'y magiging masamang patotoo sa iba. Bukod doon, hindi lamang ang kanilang mga sarili ang mamamatay sa kanilang mga kasalanan, bagkus ang ibang mga bata rin ay mapapahamak at maapektuhan ng kahihinatnan ng kanilang kasalanan. Ang buong pamilya at ang buong simbahan ay nasa kaguluhan, kakila kilabot at matinding panganib. ***"33 At ang lalaking iyon, na hindi ko ihihiwalay sa aking dambana, ay magiging upang lunusin ang iyong mga mata at papanglawin ang iyong puso; at ang madlang mararagdag sa iyong sangbahayan ay mamamatay sa kanilang Kabataan. 34 At ito ang magiging tanda sa iyo, na darating sa iyong dalawang anak, kay Ophni at kay Phinees: sa isang araw, sila'y kapuwa mamamatay." (1 Samuel 2:33-34 KJV)***

**D.** Ang mga gawain ng Dios na nabigo at hindi handang disiplinahin ang kanilang mga anak at mga manggagawa sa gawain, ang kahahantungan ng kanilang pamilya at ng gawain ay itatakwil ng Panginoon at ang kanilang gawain ay hindi magtatagal magpakailaman. ***"13 Sapagka't aking isinaysay sa kaniya na aking huhukuman ang kaniyang sangbahayan magpakailan man, dahil sa kasamaan na kaniyang nalalaman, sapagka't ang kaniyang mga anak ay nagdala ng sumpa sa kanilang sarili, at hindi niya sinangsala sila." (1 Samuel 3:13 KJV)***

**E.** Ang mga anak ng mga manggagawa na nabigong magpatupad ng disiplina ay magiging kagaya ng mga anak ni Eli, na itinakwil ng Panginoon. Sila'y mga naging pulubi sa loob ng katawan ni Cristo nagmamalimos sa gawain upang mabuhay. ***"35 At ako'y magbabangon para sa akin ng isang tapat na saserdote, na gagawa ng ayon sa nasa aking puso at nasa aking pagiisip: at ipagtatayo ko siya ng panatag na sangbahayan; at siya'y lalakad sa harap ng aking pinahiran ng langis, magpakailan man. 36 At mangyayari, na bawa't isa na naiwan sa iyong sangbahayan, ay paroroon at yuyukod sa kaniya dahil sa isang putol na pilak at sa isang putol na tinapay, at magsasabi, Isinasamo ko sa iyong ilagay mo ako sa isa sa mga katungkulang pagkasaserdote, upang makakain ako ng isang subong tinapay. (1 Samuel 2:35-36 KJV)*** Sa ngayon, nakikita natin ang mga pastor at mga manggagawa na ginagamit ang gawain bilang isang paraan ng pagkakapera at kumita para mabuhay. Sila'y nakadepende sa simbahan o sila'y nagsisimula ng gawain upang magkaroon ng pagkain na kakainin. Ngunit sila'y magkukulang sa pangako ng Dios sa ***Awit 37:25, "Ako'y naging bata, at ngayo'y matanda; gayon ma'y hindi ko nakita ang matuwid na pinabayaan, ni ang kaniyang lahi man ay nagpapalimos ng tinapay."***

**F.** Kapag ang kasalanan ay naganap sa loob ng simbahan at wala ni isa ang nagpatupad ng pagdidisiplina ang poot ng Dios ay hindi kailanman mapapawi. Hindi ang mga kasiglahan ng simbahan o pagsamba at papuring mga handog ang makakapawi sa kasalanan ng mga minsiterio ng simbahan at manggagawa. Gayundin, ang kawalan ng disiplina sa simbahan, ang bayan ng Dios ay magiging ligaw, ang mga kasalanan ay napakarami at karaniwan sa lahat, at sa huli ang buong pamayanan ng mga mananampalataya ay walang magiging pakialam sa kasalanan, sa punto na ang mga tumatalima ng masigasig na humaharap sa kasalanan sa loob ng katawan ni Cristo ay tatawaging 'kakaiba' sa opinyon ng mga nagpapahintulot ng kasalanan**.** ***"14 At kaya't ako'y sumumpa sa sangbahayan ni Eli, na ang kasamaan ng sangbahayan ni Eli ay hindi mapapawi ng hain, o handog man magpakailan man. (1 Samuel 3:14 KJV)***

Ang kinahinatnan ng buhay ng ating pamilya, at ng ating mga anak ay may malaking epekto sa buhay at sa

kinabukasan ng Simbahan ng Dios. Nang naayon, ang Dios ay mahabagin at maibigin, nagbibigay ng pagkakataon at nagpapaalala sa Kanyang bayan upang magsisi sa kanilang mga kasalanan. Ang mensaheng ito ay maaring isang babala upang ingatan at ilapat ng maayos sa ating mga pamilya. Kung tayo'y hindi magsisisi, dadalhin ng Diyos ang paghatol sa susunod na saling lahi at sa ating simbahan. Kaya't ating isaalang alang at piliin na maingat na ilapat ang kinakailangang disiplina para sa ating mga anak, sa ministerio ng ating mga manggagawa at sa mga taong nasa ilalim ng ating pangangalaga. Ang Dios ay hindi maaring kutyain, at ating aanihin ang ating itinanim. Kung tayo'y nagtanim ng katuwiran sa puso ng ating mga anak at sa gawain ng mga manggagawa, Ang Simbahan ng Dios ay patuloy na tatanggap ng mga biyaya, at masisiyahan tayo sa pagiging Kanyang mga saserdote. Kung ating babalewalain ang kasamaan at kasalanan. sa gayon ang sumpa ay darating sa ating mga anak at sa simbahan.

Si Samuel ay ang lalaki na pinalaki at pinili ng Dios pagkatapos ng Paring si Ei. (Gayundin, kapansin-pansin na ang ina ni Samuel ay tumupad sa kanyang pangako sa Dios na ialay si Samuel para sa gawain ng Panginoon sa bahay ng Panginoon.) Si Samuel ay lumago sa paglilingkod sa Dios at naging pinuno ng mga Israelita na nagdulot ng tagumpay laban sa kanilang mga kaaway***. “19 At si Samuel ay lumalaki at ang PANGINOON ay sumasakaniya, at walang di pinapangyari sa kaniyang mga salita. 20 At nakilala ng buong Israel mula sa Dan hanggang sa Beer-seba na si Samuel ay itinatag na maging propeta ng PANGINOON. 21 At napakilala uli ang PANGINOON sa Silo, sapagka't ang Panginoo'y napakilala kay Samuel sa Silo sa pamamagitan ng salita ng PANGINOON.” (1 Samuel 3:19-21) “2 At nangyari, mula nang araw na itahan ang kaban sa Chiriath-jearim, na ang panahon ay nagtatagal; sapagka't naging dalawang pung taon; at ang buong sangbahayan ng Israel ay tumaghoy sa PANGINOON. 3 At nagsalita si Samuel sa buong sangbahayan ng Israel, na nagsasabi, Kung kayo'y babalik sa PANGINOON ng buo ninyong puso ay inyo ngang alisin sa inyo ang mga dios na iba, at ang mga Astaroth, at ihanda ninyo ang inyong mga puso sa PANGINOON, at sa kaniya lamang kayo maglingkod; at ililigtas niya kayo sa kamay ng mga Filisteo. 4 Nang magkagayo'y inalis ng mga anak ni Israel ang mga Baal at ang mga Astaroth, at sa PANGINOON lamang naglingkod. 5 At sinabi ni Samuel, Pisanin ninyo ang buong Israel sa Mizpa at idadalangin ko kayo sa PANGINOON. 6 At sila'y nagtitipon sa Mizpa, at nagsiigib ng tubig, at ibinuhos sa harap ng PANGINOON, at nagsipagayuno nang araw na yaon, at nangagsabi, Kami ay nangagkasala laban sa PANGINOON. At naghukom si Samuel sa mga anak ni Israel sa Mizpa. 7 At nang mabalitaan ng mga Filisteo na ang mga anak ni Israel ay nagtitipon sa Mizpa, nagsiahon laban sa Israel ang mga pangulo ng mga Filisteo. At nang mabalitaan ng mga anak ni Israel, ay nangatakot sa mga Filisteo. 8 At sinabi ng mga anak ni Israel kay Samuel, Huwag kang tumigil ng kadadalangin sa PANGINOON nating Dios, ng dahil sa atin, upang iligtas niya tayo sa kamay ng mga Filisteo. 9 At kumuha si Samuel ng isang korderong pasusuhin, at inihandog na pinaka buong handog na susunugin sa PANGINOON: at dumaing si Samuel sa PANGINOON dahil sa Israel; at ang PANGINOON ay sumagot sa kaniya. 10 At samantalang si Samuel ay naghahandog ng handog na susunugin, ay lumapit ang mga Filisteo upang makipagbaka laban sa Israel; nguni't ang PANGINOON ay nagpakulog ng isang malakas na kulog nang araw na yaon sa mga Filisteo, at nilito sila; at sila'y nangabuwal sa harap ng Israel. 11 At ang mga lalake sa Israel ay nagsilabas sa Mizpa, at hinabol ang mga Filisteo, at sinaktan sila, hanggang sa nagsidating sila sa Beth-car. 12 Nang magkagayo'y kumuha si Samuel ng isang bato, at inilagay sa pagitan ng Mizpa at ng Sen, at tinawag ang pangalan niyaon na Ebenezer, na sinasabi, Hanggang dito'y tinulungan tayo ng PANGINOON. 13 Sa gayo'y nagsisuko ang mga Filisteo, at hindi na sila pumasok pa sa hangganan ng Israel: at ang kamay ng PANGINOON ay laban sa Filisteo lahat ng mga araw ni Samuel. 14 At ang mga bayan na sinakop ng mga Filisteo sa Israel ay nasauli sa Israel, mula sa Ecron hanggang sa Gath; at ang mga hangganan niyaon ay pinapaging laya ng Israel sa kamay ng mga Filisteo. At nagkaroon ng kapayapaan sa pagitan ng Israel at ng mga Amorrheo. 15 At hinatulan ni Samuel ang Israel lahat ng mga araw ng kaniyang buhay. 16 At siya'y naparoon na lumigid taon-taon sa Beth-el, at sa Gilgal, at sa Mizpa; at hinatulan niya ang Israel sa lahat ng mga dakong yaon. 17 At ang kaniyang balik ay sa Rama, sapagka't nandoon ang kaniyang bahay; at doo'y hinatulan niya ang Israel: at siya'y nagtayo roon ng isang dambana sa PANGINOON.” (2 Samuel 7:2-17 KJV***) Ang Panginoong ay sumasa kay Samuel, at nagawa niyang disiplinahin ang mga Israelita at pinangunahan sila sa lumakad sa Panginoon. Inutusan niya silang itapon ang kanilang mga diosdiosan, at ganap na isuko ang kanilang kalooban sa Dios at sa Kanya lamang maglingkod. Ang mga tao'y sumunod sa inuutos ni Samuel na magbalik sa Dios sa pagsisisi, pananalangin at pag-aayuno. At tunay na naibalik ng Dios ang nararapat sa kanila, mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway.

***“1 At nangyari, nang si Samuel ay matanda na, na kaniyang ginawang mga hukom sa Israel ang kaniyang mga anak. 2 Ang pangalan nga ng kaniyang panganay ay Joel; at ang pangalan ng kaniyang ikalawa ay Abia: sila'y mga hukom sa Beer-seba. 3 At ang kaniyang mga anak ay hindi lumakad sa kaniyang mga daan, kundi lumingap sa mahalay na kapakinabangan, at tumanggap ng mga suhol, at sinira ang paghatol. 4 Nang magkagayo'y nagpipisan ang mga matanda ng Israel, at naparoon kay Samuel sa Ramatha ; 5 At kanilang sinabi sa kaniya, Narito, ikaw ay matanda na, at ang iyong mga anak ay hindi lumalakad sa iyong mga daan: ngayon nga'y lagyan mo kami,” (1 Samuel 8:1-5 KJV)*** Si Samuel ay lumaki sa tolda ng Dios at siya ay tumanda na, matapat na naglingkod sa Dios at sa bayan ng Dios. Nang siya ay matanda na, itinalaga niya

ang kanyang mga anak upang gawin ang gawain. Ngunit ang kanyang mga anak ay hindi gumawa kagaya niya, at sila'y hindi lumakad sa kanyang paglakad. Sila'y lumihis sa paghahanap ng di-matapat na pakinabang, tumatanggap ng mga suhol at binabaluktot ang katarungan. Ang mga tao ay tama na hindi nagustuhan ang mga anak ni Samuel, ngunit mali nilang gayahin ang mga estilo ng mga bansang hindi naniniwala para humingi ng isang hari. Ito ang kailangan ng Panginoon: ***"18 Maghahalal ka sa iyo ng mga hukom at ng mga pinuno sa lahat ng iyong mga pintuang-daan, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Dios, ayon sa iyong mga lipi: at sila'y hahatol sa bayan ng matuwid na paghatol. 19 Huwag kang magliliko ng paghatol; huwag kang tatangi ng mga pagkatao: ni kukuha ng suhol; sapagka't ang suhol ay bumubulag ng mga mata ng marunong, at nagliliko ng mga salita ng matuwid. 20 Susundin mo ang tunay na katuwidtuwiran, upang mabuhay ka at manahin mo ang lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Dios." (Deutronomio 16:18-20 KJV)***

Ang kahilingan ng mga Israelita kay Samuel ay magtalaga ng isang hari sa kanila at hindi dahil sa kanyang mga anak kundi dahil nais nilang makigaya sa ibang mga bansa na mayroong isang hari. Ginamit ng mga tao ang kalagayan ng mga anak ni Samuel bilang dahilan upang masiyahan ang kanilang makasariling ambisyon at pagpili. Sa wakas, ang paghahari ni Saul ay itinatag sa Israel, ngunit hindi nagtagal pinamunuan niya ang buong Israelita sa paghihimagsik laban sa Dios hanggang ang Israel ay nawasak ng kaniyang mga kaaway, ang mga Filisteo sa Bundok ng Gilboa, isang pangyayari na itinala sa ***1 Samuel Kabanata 31.***

Ipinakilala ang masamang pamumuno sa buong Israel at ito ay nagdulot ng kaguluhan dahil hindi sinunod ng mga anak na lalaki ni Samuel ang mga paraan ng Dios. Ganun din, nakalaan ang masamang kinabukasan para sa simbahan at sa ating mga anak kung ang ating mga anak ay hindi disiplinado at tinuturuan kung paano tamang paglingkuran ang Dios sa paraang hinihingi ng Panginoon. Kung Mabibigo ang ating mga anak na maglingkod sa Dios at gawin ang hinihingi ng Dios, isang pinuno na tulad ni Saul ang maaaring babangon sa ating simbahan, na maaaring magpasimula ng galit ng Dios sa ating mga inapo.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Pagnilay-nilayan natin at pag-isipang mabuti ang kaisipan ng mensahe ng Dios. Nasa ating mga kamay ang kinabukasan ng ating mga anak at ng ating simbahan bilang mga maharlikang saserdote na pinili ng Dios. Ang paraan ng ating pamumuhay, ang paraan ng pagpapalaki natin sa ating mga anak, at ang paraan ng ating pagdidisiplina at pakikitungo sa kasalanan ay nasa ating mga kamay ngayon. Kung gagawin natin nang maayos, isang magandang kinabukasan ang naghihintay sa ating mga anak at sa simbahan na ipinagkatiwala ng Dios sa atin. Pero kung mabibigo tayong gampanan ang ating responsibilidad, iniimbitahan natin si Satanas kasama ang kanyang mga plano at paraan sa buhay ng ating mga anak at sa buhay ng ating mga pamilya, at ang pinsala ay kakalat sa simbahan na ipinagkatiwala sa atin ng Dios. Kaya magtrabaho tayo nang masigasig para pamunuan ang ating mga pamilya na may layuning magbunga ng mabuting prutas at prutas na mananatili para sa kaluwalhatian ng PANGINOON.

Manalangin tayo…

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako'y lumalapit sa Iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at muling nabuhay mula sa kamatayan upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa nakakahikayat na mensahe na malinaw na nagpapakita sa akin ng tunay na panganib ng mga kasalanan sa buhay ng aking pamilya at sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon, salamat sa turo, sa mga pagpuna at sa mga pagwawasto na natanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon, salamat sa iyong Salita na malinaw na nagpakita sa akin kung ano ang kailangan kong gawin kasama ang aking pamilya at mga anak at sa aking mga katrabaho sa ministeryo at sa simbahan na iyong inilagay sa akin.*

*Lumapit ka ngayon sa Dios at ipagtapat ang iyong mga kasalanan. Magsisi at talikuran ang iyong mga kompromiso at kakulangan sa disiplina sa iyong mga anak, pati na rin ang mga kompromiso at katiwalian na pinapayagan mo sa pagitan ng iyong mga katrabaho sa simbahan ng Dios. Magsisi at talikuran ang iyong makasariling gawi at kawalan ng malasakit. Magsisi at talikuran ang iyong pagnanasa at mga imoralidad at lahat ng ganoon, pati na rin ang mga dios-diosan na pinayagan mo sa buhay ng simbahan at sa ministeryo na ipinagkatiwala sa iyo. Magsisi at talikuran ang iyong pagibig sa pera at ang paggamit mo ng simbahan at ministeryo para sa kabuhayan. Magsisi at talikuran ang iyong takot sa tao ngunit hindi mo kinatatakutan ang Dios. Magsisi at talikuran ang iyong pagkakaugnay sa mundong ito, ang iyong pagibig sa mundo, ang iyong pakikihalubilo at pag-aaksaya ng oras sa mga di naniniwala at kaibigan, at ang pagkakabihag sa Media, Balita, at laro. Magsisi at talikuran ang iyong pagsamba sa dios-diosan sa anyo ng pagsunod sa mga gawi ng lumang relihiyon, mga pista na iniaalay sa dioss-diosan, ang iyong maling pamamahala at pag-aaksaya ng mga pinagkukunang-yaman sa mga hindi kinakailangang bagay. Ipahayag at itakwil ang iyong hindi kagustuhang magtiyaga at gampanan ang bahagi mo sa paglilinis ng iyong pamilya at ng simbahan ng Dios. Panginoon, patawarin mo ako, nagsisisi ako sa sumusunod na mga kasalanan* ___________________________.

*Panginoon, ipinagkakatiwala ko sa iyo ang pagharap sa mga kasalanan ng aking mga anak at ng mga kasalanan sa loob ng aking ministeryo at ng simbahan na iyong inilagay sa akin. Panginoon, hinihiling ko sa iyo na bigyan mo ako ng tapang at lakas ng loob na manatiling matatag, manaway at ipatupad ang disiplina na kinakailangan upang makita ang kabanalan sa buhay ng aking pamilya at sa aking ministeryo at sa iyong simbahan. Panginoon, bigyan mo ako ng mabuting kalusugan at lakas, at ibigay ang aking pangangailangan at karunungan upang maisakatuparan ito. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagbago sa kanilang mga kasalanan, at inilaan ang kanilang buhay sa mensahe ng iyong Salita. Panginoon, suportahan mo sila sa iyong biyaya, protektahan sila mula sa pag-uusig, at tugunan ang kanilang pangangailangan upang patuloy silang makapaglingkod sa iyo, upang ang kanilang buhay at ang buhay ng kanilang mga pamilya at ministeryo ay maging magandang halimbawa para sundan ng iba.*

*Panginoon, gabayan mo kami bilang iyong simbahan upang patuloy na harapin ang mga kasalanan, katiwalian, at kompromiso, upang ang kabanalan ay kumalat sa aming kalagitnaan. Panginoon, hinihiling namin na ipakita mo ang mga nakatagong kasalanan at bigyan kami ng karunungan kung paano haharapin ang mga sangkot dito. Dalangin namin na pangunahan mo kami ng Banal na Espiritu upang gawin ang mga gawa na nais mong makamtan sa ngalan mo. Panginoon, iniaalay namin ang aming mga sarili upang patuloy na magturo, magdisiplina, at magsanay ng aming mga anak at disipulo upang magpatuloy at maglingkod sa iyo, upang sila ay maging mga pinuno sa hinaharap na makakagawa ng pagbabago sa mundo. Panginoon, hinihiling namin sa iyo na puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga espiritwal na kaloob na kailangan namin upang magpatuloy at mag-Evangelio, gumawa ng mga bagong disipulo, at sanayin ang mga bagong manggagawa upang magtanim ng mga bagong pag-aaral sa Bibliya at kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo mo kami sa kapahamakan upang hindi namin maramdaman ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikiisa ng Banal na Espiritu ay sumaatin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 8. Ang Epekto ng Pamilya sa Simbahan. Ang Kinabukasan ng Simbahan ng Dios ay Nasa Ating Mga Kamay. Mateo 12:33. Isaias 61:3. 1 Samuel 2:12-17, 22-24, 27-36. Levitico 20:10. Deuteronomio 21:18-21. Awit 37:25. 1 Samuel 3:10-21. 1 Samuel 7:2-17. 1 Samuel 8:1-5. Deuteronomio 16:18-20.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com